



Mayo 19, 2020

Mahal na mga Magulang/mga Tagapag-alaga,

Ang Pamahalaan ng Ontario [ay nagpahayag](#) ngayon na ang lahat ng mga pampublikong paaralan na pinondohan sa Ontario, kabilang ang mga nasa Lupon ng Paaralan ng Distrito ng Toronto (Toronto District School Board), ay mananatiling sarado para sa natitirang taon ng paaralang 2019-2020 at ang malayuang pag-aaral ay magpapatuloy hanggang sa katapusan ng Hunyo. Alam namin na ang balita nang pinalawak na pagsasara ay maaaring maging mapaghamon para sa mga ilan ngunit ang desisyon na ito ay pinag-isipang gawin para sa kaligtasan ng mga mag-aaral, mga kawani at mga komunidad ng paaralan.

Ang pinalawak na plano ng pag-aaral sa tag-init ay inihayag rin ng pamahalaan. Ang mga programa ng pag-aaral sa tag-init ay magaganap sa Hulyo at Agosto at magsasali ng mga bago at umiiral na mga kredito at hindi-kreditong suporta para sa mga mag-aaral kabilang ang paaralan sa tag-init, pagtataas ng kurso, at mga tinarang na programa para sa mahihinang mag-aaral, mga mag-aaral na may espesyal na edukasyon o mga pangangailangan sa pangkaisipang kalusugan, at mga katutubong mag-aaral. Hinihingi ng Ministeryo ng Edukasyon sa mga lupon ng paaralan na magplano para sa pag-aaral sa tag-init na ihahatid sa pamamagitan ng malayuang pagtuturo at pag-aaral, gayunpaman ang nasa personal na pagtuturo at pag-aaral ay maaaring maging posible kung ang mga hakbang na pang-emerhensiya ay luwagan o maiangat sa panahon ng tag-init. Sa pamamagitan ng pamahayag ngayon, maaari na ngayong tapusin ng TDSB ang plano nito ng pag-aaral sa tag-init at ibabahagi iyon sa nalalapit na hinaharap.

Ang unti-unting pagbubukas ng mga sentro ng pangangalaga sa bata na nasa mga paaralan ng TDSB ay inaasahan na magsisimula kapag ang lalawigan ay lumipat sa [Yugto 2](#) nito ng *Balangkas para sa Muling Pagbubukas ng ating Lalawigan* at ibabatay sa pinakamabuting payo ng mga opisyal ng pampublikong kalusugan at kabibilangan ng mga mahigpit na protokol ng kaligtasan. Para naman sa Programa ng Pinalawak na Araw na mga Kampo sa Tag-init ng TDSB, sinabi ng Ministeryo ng Edukasyon na, sa pagpapalagay na ang mga takbo sa mga pangunahing tagapagpahiwatig ng kalusugan ay magpatuloy na bumuti, maaaring [sila ay](#) pahintulutan sa Hulyo at Agosto ng taong ito na may mahigpit na mga patnubay sa kalusugan at kaligtasan.

Alam namin na ang mga ilang mag-aaral at mga pamilya ay nasasabik na kolektahin ang mga personal na gamit na nananatili sa ating mga paaralan. Mangyaring makatiyak na ang mga plano ay isinasagawa upang matukoy kung paano ito maaaring ligtas na gawin. Kami ay nakikipagtulungan sa Pampublikong Kalusugan ng Toronto (Toronto Public Health) sa mga susunod na hakbang at ibabahagi ang plano sa oras na ito ay maging pinal.

Nais ko kayong pasalamat na muli para sa inyong katugunan sa aming kamakailang pagsisiyasat ng magulang/tagapag-alaga kung saan halos 40,000 mga tao ay sumali sa isang





pag-uusap sa online upang ibahagi ang kanilang mga saloobin. Ang mga inaasahan sa kung ano ang magiging hitsura ng pag-aaral ay labis na magkakaiba, ngunit ang karaniwang tema na aming narinig ay ang mga mag-aaral ay nasisiyahan sa pakikipag-ugnayan sa mga guro at mga kauri at ang koneksyon at pakikilahok na inaalok nito. Tulad ng regular na silid-aralan, ang pakikipag-ugnayan ay nagaganap sa iba't ibang mga paraan at kami ay patuloy na nakikipagtulungan sa mga kawani at mga kasosyo upang suportahan ang pag-aaral ng mga mag-aaral, pakikilahok at kagalingan.

Pinakahuli, marami sa inyo ay walang pagdududang nagtataka kung kailan babalik ang mga mag-aaral sa paaralan at kung ano ang maaaring maging hitsura nito kapag iyon ay nangyari. Ang pamahalaan ay nagsabi na ito ay magpapahayag ng isang plano sa mas kalaunan na petsa tungkol sa muling pagsisimula ng paaralan sa Setyembre at na ang mga kinakailangang pagbabagay ay gagawin sa mga paaralan at sa ritmo ng araw ng paaralan upang mapanatiling ligtas at malusog ang lahat.

Matapat,

A handwritten signature in black ink, appearing to read 'John Malloy'.

John Malloy
Direktor ng Edukasyon

